

# Pagbibilang

## Pagpipilian

Hilingin sa inyong anak na pumili ng isa o higit pa sa mga aktibidad na ipinapakita sa ibaba. Ang pagpili at pagsasagawa nito ay mahahalagang kasanayan para sa kognitibo at emosyonal na pag-unlad. **Pumili mula sa sumusunod na mga aktibidad para malaman kung hanggang saan ang kayang bilangin ng inyong anak.**

### Mga Dapat Itanong:

- Hilingin sa inyong anak na magbilang hanggang sa pinakamataas na kaya niyang bilangin. Simulan sa pagsasabi ng, "Isa, dalawa, tatlo..."
- Tanungin, "Anong numero ang susunod pagkatapos ng anim? Pagkatapos ng tatlo? Pagkatapos ng lima?"
- Bigyan ang inyong anak ng 20 bagay na bibilangin. Sabihin, "Bilangin mo ang [mga bagay]." Pagkatapos magbilang ng bata, tanungin, "Ilan ang lahat ng iyan?"

<p><b>Mungkahi sa Pamilya:</b> Humanap ng mga pagkakataon sa buong maghapon para magbilang. Hikayatin ang bata na hawakan o ituro ang mga bagay habang nagbibilang. Gawin itong masaya at pisikal. Maghanap ng mga bagay na interesadong bilangin ng bata. Madalas na magkamali ang maliliit na bata sa mga numerong may "teen" o "labing" (13, 14, atbp.) kapag nag-aaral. Magbigay ng natatanging pansin sa pagpapraktis sa pagbibilang ng 11-20.</p>	<p><b>Pagbibilang ng Segundo:</b> Pahulaan sa bata kung ilang segundo ang kinakailangan para makumpleto ang isang gawain (pagbibihis, pagsusuot ng sapatos, pagliligpit ng mga laruan). Sabihin sa inyong anak na sabayan kang bumilang para masubaybayan ang oras. Pagkatapos ay tanungin, "Ilang segundo ang ginugol doon?" Mas matagal ba iyon o mas mabilis kaysa sa iniisip mo?"</p>	<p><b>Pagbilang ng Talon o Lukso:</b> Tingnan kung ilang beses kaya ng inyong anak na tumalon gamit ang isang paa o parehong paa. Hikayatin ang pagbibilang sa bawat hakbang at pagsasabi kung ilan lahat sa dulo.</p>	<p><b>Paghahagis ng Lobo:</b> Umihip ng lobo. Ipabilang sa bata kung ilang beses tatalbog ang lobo sa hangin nang hindi bumabagsak sa sahig.</p>
---	---	--	--

**Pagbibilang ng mga Hakbang:**

Habang umaakyat o bumababa kayo sa hagdan, bilangin ang bawat hakbang at pag-usapan kung ilan lahat ito sa dulo.

**Pagbibilang ng mga Bagay:**

Humanap ng maliliit na bagay sa buong bahay o sa labas (mga butones, bato, tali ng tinapay, holen, barya). Hayaan ang batang magsanay sa pagbibilang ng mga bagay habang inilalagay ang mga ito sa loob ng lalagyan.

**Pagbibilang ng mga Daliri sa Kamay at Paa:**

Magsanay sa pagbibilang ng lahat ng daliri sa kamay at paa ng inyong pamilya. Gawin itong masaya—isama ang mga alagang hayop.

**Pagbibilang at Pagtatayo:**

Magpagulong ng dice. Ipasalansan sa bata ang bilang na iyon ng mga bagay (mga libro, bloke, barya) para makagawa ng tore. Ipagpatuloy ito hanggang bumagsak ang tore.

